Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa




**13 Hulyo 2025** | **Ika-15 Linggo sa Karaniwang Panahon** | **Taon K**

# GAWIN MO IYAN AT MABUBUHAY KA!



*Marami sa atin ang nahaharap sa dalawang malaking kahirapan sa pagtupad sa tungkulin nating magmahal sa kapwa tulad ng pagmamahal sa ating sarili. Unang-una'y sino nga ba ang saklaw ng katawagang "kapwa"? Ikalawa'y napakahirap ang tunay na magmahal sa lahat.*

*Ayon sa talinghaga ng "Mabuting Samaritano" sa Ebanghelyo ngayon, ang ating "kapwa" ay bawat tao, pati na ang ating mga kaaway. Dapat nating ipakita ang ating pagmamahal sa lahat ng tao sa pamamagitan ng pagtugon sa kanilang mga pangangailangan, mangahulugan man ito ng personal na sakripisyo. Tanging sa pagtupad lamang sa ganitong mga kundisyon maituturing nating disipulo nga tayo ni Hesus, na siyang Dakilang Samaritano. Sa Eukaristiya ngayon, ipagdasal natin ang lahat ng mga nahihirapang magmahal sa lahat ng tao bilang kanilang kapwa.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Akong iyong pinatawad, sa iyo'y makahaharap nang mukha mo ay mamalas. Sa piling mo'y magagalak pag liwanag mo'y sumikat.**

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, turo mong mahalin namin ang lahat, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kristo Hesus, nais mong patunayan namin ang pag-ibig sa paglilingkod at pagkalinga sa tanang nangangailangan, Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, ang nais mo'y magsikap at magpagal kami sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**Panalanging Pambungad**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, nililiwanagan ng iyong maaasahang ilaw ang mga naliligaw na iyong pinababalik sa daan para ikaw ay matagpuan. Ang mga kabilang sa nananalig sa iyong Anak ay pagkalooban mong makapagwaksi sa tanang salungat sa ngalang Kristiyanong sa iyo'y tinanggap upang ito ay talagang mapangatawanang ganap sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* – Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Deut 30:10-14***

*Bago pa man naukit sa bato o nalimbag sa mga aklat, ang Kautusan ng Panginoon ay naikintal na sa ating mga puso. Tulad ng mga Israelita ng matandang panahon, dapat natin itong tupdin kung nais nating matamasa ang mga biyaya ng Panginoon.*

***L* –**Pagbasa mula sa Aklat ng Deuteronomio

**Sinabi ni Moises sa bayan: "Kailangan ninyong dinggin ang tinig ng inyong Panginoong Diyos at buong puso't kaluluwang sundin ang kanyang mga utos.**

**Ang Kautusang ibinibigay ko ngayon sa inyo ay madaling sundin at unawain. Ito'y wala sa langit, kaya hindi ninyo masasabing walang aakyat doon at kukuha sa Kautusan upang marinig ninyo at maisakatuparan. Ni wala ito sa ibayong dagat kaya di ninyo masasabing walang tatawid sa dagat para kunin ang Kautusan at nang marinig ninyo at maisagawa. Ang Kautusan ay di malayo sa inyo: nasa inyong bibig, nasa inyong puso, kaya magagawa ninyo."**


Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 69***

***B* –*Dumulog tayo sa Diyos upang mabuhay nang lubos!***

*R. M. Velez*




*** At sa ganang akin, ako'y dadalangin sa iyo, O Poon, sana'y iyong dinggin sa mga panahon na iyong ibigin; dahil sa dakilang pag-ibig sa akin, ang iyong pangakong pagtubos ay sundin. Poon, sa buti mo't pag-ibig sa akin, sa aking pagtawag ako sana'y dinggin; sa pagkahabag mo, ako ay lingapin. *B.***

*** Naghihirap ako't mahapdi ang sugat, O Diyos, itayo mo, ako ay iligtas. Pupurihin ang Diyos, aking aawitan, dadakilain ko't pasasalamatan. *B.***

*** Kung makita ito niyong mga dukha, sila ay sasamba sa laki ng tuwa. Dinirinig ng Diyos ang may kailangan. Lingkod na bilanggo'y di nalilimutan. *B.***

*** Ang Lunsod ng Sion, kanyang ililigtas, bayang nasa Juda'y muling itatatag; magmamana nito'y yaong lahi nila, may pag-ibig sa Diyos ang doo'y titira. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***Co 1:15-20***

*Sa matayog na pananalitang panteolohiya at patula, itinatampok ng may-akda ng imnong ito ang pambihirang karapatang pansarili ni Kristo. Kaya nga, siya ang ating pag-asa para sa kaligtasan.*

***L* –**Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Colosas

**Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita, at siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga naghahari at namamahala, mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay.**

**Siya ang ulo ng Simbahan na kanyang katawan. Siya ang Una, ang panganay na Anak – ang unang nabuhay na muli upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.**

**Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan ay manatili rin sa Anak, at inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak. Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus, nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha sa langit at sa lupa.**

Ang Salita ng Diyos!

***B* – Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Jn 6:63k.68k***

***B* –Aleluya! Aleluya!**
**Espiritung bumubuhay, ang Salita mo, Maykapal, buhay mo ang tinataglay.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 10:25-37***

*Paboritong panlahat ng panahon ang parabula ng "Mabuting Samaritano" na isinasalaysay sa Ebanghelyo ngayon. Tuwina tayong ginaganyak at hinahamon nitong magmahal sa ating kapwang nangangailangan ng tulong, nang walang itinatanging lahi, antas panlipunan, o relihiyon.*

***P* –** Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B* – Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, may isang eskribang lumapit kay Hesus upang siya'y subukin. "Guro," aniya, "ano ang dapat kong gawin upang magkamit ng buhay na walang hanggan?" Sumagot si Hesus, "Ano ang nakasulat sa Kautusan? Ano ang nababasa mo roon?" Tumugon siya, " 'Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip'; at 'Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.' " "Tama ang sagot mo," wika ni Hesus. "Gawin mo iyan at mabubuhay ka." Sa hangad ng eskriba na huwag siyang lumabas na kahiya-hiya, tinanong niya uli si Hesus, "Sino naman ang aking kapwa?"**

**Sumagot si Hesus: "May isang taong naglalakbay bu-**

**hat sa Jerusalem, patungong Jerico. Hinarang siya ng mga tulisan, kinuha pati damit sa katawan, binugbog at halos patay na nang iwan. Nagkataong dumaan doon ang isang saserdote at pagkakita sa taong nakahandusay, siya'y lumihis at nagpatuloy ng kanyang lakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit tiningnan lamang niya ito at nagpatuloy ng kanyang lakad. Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na naparaan doon. Nakita niya ang hinarang at siya'y nahabag. Lumapit siya, binusan ng langis at alak ang mga sugat nito at tinalian. Saka isinakay ang tao sa kanyang sinasakyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan, at inalagaan doon. Kinabukasan, dumukot siya ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi, 'Alagaan mo siya, at kung magkano man ang kakulangan niyan, babayaran ko sa aking pagbabalik.'**

**Sino ngayon sa palagay mo ang nagpakita ng kanyang pakikipag-kapwa sa taong hinarang ng mga tulisan?" tanong ni Hesus. "Ang nagpakita ng habag sa kanya," tugon ng eskriba. Sinabi sa kanya ni Hesus, "Humayo ka't gayon din ang gawin mo."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

*B* –**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

*P* –Marami sa mundo ang mga taong mararahas na nagsasamantala sa mahihina't walang kalaban-laban. Marami rin ang mga taong walang pakialam sa karahasan laban sa mga walang kamalay-malay. Idalangin natin sa Panginoon ang biyayang maging tunay na Kristiyano sa ating magulo't manhid na lipunan.

*B* –**Panginoong maawain, dinggin mo kami!**

* Para sa Santa Iglesya: Matulad nawa siya sa Mabuting Samaritano at maging tagapaghatid ng tulong at awa sa lahat. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating mga pastol sa Simbahan: Turuan nawa nila ang mga mananampalataya sa salita't sa gawa, upang higit na maipamalas ang pagkalinga sa mga nagdurusa't nangangailangan kaysa mga gawaing pandebosyon. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng naglilingkod sa larangan ng medisina: Nawa'y tulad ng Mabuting Samaritano, ay bukas-palad at mahabagin nilang pangalagaan ang kanilang mga pasyente. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga taong nasa gitna ng away o anumang sigalot: Nawa'y alalahanin nilang tayong lahat ay mga anak ng iisang Ama at mga kapatid ni Hesukristo. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng nahihirapan sa pagtanggap sa kanilang mga kinamumuhiang tao: Naway ang turo at halimbawa ni Hesus ay maging inspirasyon at pampasigla sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

* Upang tayong lahat ay matutong kumilatis at kumilala ng tamang daan sa buhay at nang ating mapahindian ang anumang naglalayo sa atin kay Kristo at sa Ebanghelyo, manalangin tayo! ***B.***

*P* –Panginoong Hesus, ikaw ang Dakilang Mabuting Samaritanong kumalinga sa sangkatauhang naakit ng kasamaan at kasalanan. Kahabagan mo kaming lahat at gawin kaming kasangkapan ng iyong mahabaging pagmamahal. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpasa walang hanggan!

*B* –**Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

*P* –Ama naming Lumikha, tunghayan mo ang mga alay ng iyong sumasamong Sambayanan at tanggapin mo ang mga ito para madagdagan ang iyong kabanalan sa mga nananalig na tunay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen!**

## Prepasyo VII

*P* –Sumainyo ang Panginoon!

*B* –**At sumaiyo rin!**

*P* –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

*B* –**Itinaas na namin sa Panginoon!**

*P* –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

*B* –**Marapat na siya ay pasalamatan!**

*P* –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong

walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B* – Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B* –Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.**

## PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
*P* – Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nagaalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Mga mayang nagpupugad sa templo mo'y nagagalak. Panginoon, silang lahat sa piling mo bawat oras ay talagang mapapalad.** ***(Sal 84:3-4)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* – Ama naming mapagmahal, kaming mga pinapagsalo mo sa piging na banal ay makatatanggap nawa ng bungang karagdagan ng iyong pagliligtas na aming ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* –Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**
*P* –Pagpalain nawa kayo ng Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* – Amen!**
*P* –Humayo kayo sa kapayapaan at maging Mabuting Samaritano sa inyong kapwa.
***B* –Salamat sa Diyos!**

## DI MALAYO; NASA BIBIG, NASA PUSO!

*Kalakbay at Katoto*

**Noong nakaraang Linggo, ang mga pagbasa ay mayroong patungkol sa pagbibingi-bingihan.** Mahirap tawagin ang taong nagbibingi-bingihan. Mahirap gamutin ang taong nagsasakit-sakitan. Ang tunay na bingi ay may pakiramdam. Ang nagpapanggap na bingi ay manhid, walang pakundangan sa anuman!

**Kapag ayaw, may dahilan; kapag gusto, may paraan!** Pero may tama at dapat tupdin. Tulad nang sinabi sa Unang Pagbasa . . . "nandyan lang yan . . . nasa bibig at nasa puso ninuman." "Ang kautusan ay di malayo sa inyo: nasa inyong bibig, nasa inyong puso, kaya magagawa ninyo."

**Marami pa rin tayong mga palusot. Palasak pa rin ang korupsyon sa lahat ng antas ng lipunan.**

Ngunit tingnan natin ang ginagawa nating lahat. Kung ayaw natin, dumidistansya tayo . . . kunwari hindi alam . . . kunwari hindi mabasa ang mga nakasulat. Kung ayaw natin makita ang kabuuan, long shot ang gamit, long lens, mahirap na ang lumapit demasiado . . . baka mabuking.

Kung gusto natin makilala at malaman ang kabuuan, hindi *long lens* ang gamit kundi *microscopio* . . . *close-up camera* . . . *blow up* na larawan, tulad ng higanteng mga *tarpaulin* sa EDSA . . . Kung gusto natin, inaarirat natin nang husto, inaaninag, tinitingnan nang mataman at masusi. Di ba't iyan ang ginagawa ng mga *grandstanding politicos* sa bayan nating mahal? Inuusisa ang lahat kapag gusto nila. Ikinukubli ang lahat kapag ayaw nila. *Zoom* at *close-up lens* kung gusto nilang malaman ang lahat. Long shot at long lens kapag dumidistansya sila.

Di ba't ito rin ang ginawa ng mga ayaw tumulong antemano sa taong

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

pinagsamantalahan ng mga tulisan sa ebanghelyo? Dumistansya . . . lumihis . . . lumayo . . . umiwas! Walang nakita. Walang narinig. Walang napansin. Wala ba kayong napapansin? Kung gusto, lumalapit, may nakikita, may napapansin, natitinag at lumalapit nang higit pa.

**Tingnan natin ang sarili natin . . . nang malapitan, hindi malayuan! May problema talaga tayo.**

Uriratin natin . . . siyasatin natin . . . tingnan natin nang mataman. Ano nakikita natin? Kanya-kanyang palusot. Kanya-kanyang kabig! Ananigin nating mabuti. Ano ang nakikita natin?

Heto . . . Alam natin ang tama. Alam natin ang batas. Alam natin kung ano ang dapat gawin. Alam natin lahat na tayo ay mahirap dahil sa dami ng kurap, at dami ng mga batas na butas ang pagsasakatuparan. Nasa Pinas ang pinakamagandang batas sa kalikasan. Ginaya pa nga ito ng ilang mayayamang bansa. Sa pagalingan ng dada at bukada ng bunganga, walang tatalo sa atin.

**Kwento ito natin lahat. Kasama ako sa problemang ito. Ano ang magandang balita na siyang maghahatid sa atin? Heto . . . Malapit sa inyo . . . nasa bibig at nasa puso. *"Gawin mo iyan, at mabubuhay ka!"***

